SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT

PRIMETIME

EXTENDED DAY PROGRAM

The Cool School Zone

Magbigay na Ngayon ng Aplikasiyon para sa Paaralang Taong 2009-2010

Ang *Extended Learning Opportunities Department* (ELO) ng San Diego Unified School District ang nangangasiwa sa PrimeTime Extended Day Program (PrimeTime) na nag-aalok ng programang bago at/o pagkatapos ng mga aralin sa silid-aralan sa mga mag-aaral na nasa elementarya at gitnang paaralan. Ang PrimeTime ay libre sa lahat ng kasaling pamilya at pinangangasiwaan bago at/o pagkatapos ng pag-aaral sa bawa't pangkaraniwang araw ng pagpasok. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay palagay ang kalooban sa kanilang kaalamang ang kanilang (mga) anak ay hindi lamang tumatanggap ng mga aralin kung hindi nakikipaglaro rin sila sa kanilang mga kalaro sa isang ligtas na kapaligiran. Ang pangkat ng PrimeTime ay nakikipagtulungan sa mga kawani ng ELO, mga kasama sa samahang PrimeTime, mga sangay, mga programa at mga taong nagtutulungan upang ang PrimeTime ay maging mabuti. Pinanatili ng PrimeTime ang bilang ng isang mag-aaral sa kawani na 15 sa 1 sa elementarya at 20 sa 1 sa gitnang antas. Dahil may hangganan ang pondo at bilang ng mag-aaral sa kawani, iminumungkahing ang mga batang nasa kindergarten ay papasukin sa isang may lisensiyang tagapag-alaga sa halip na sa PrimeTime.

MGA KARAPATDAPAT

Ang mga mag-anak na may mga anak na pumapasok sa elementarya o paaralang K-8 na nais makasali sa PrimeTime sa paaralang taong 2009-2010 ay kailangang magbigay ng nakalakip na aplikasiyon.

Kabilang dito:

- Mga batang kasalukuyang kasali sa PrimeTime ng ika-2 ng Marso, 2009.
- Mga batang nasa listahan ng mga naghihintay ng ika-2 ng Marso, 2009.

Ang inyong (mga) anak ay dapat nakapalista sa paaralang nais pasukan sa karaniwang araw ng pagpasok upang makasali sa PrimeTime sa nasabing paaralan. Ang mga batang pumapasok sa gitnang paaralang mayroong PrimeTime ay hindi na kailangang magbigay ng aplikasiyon. Kapag ang inyong anak ay nasa gitnang paaralan at nais sumali sa PrimeTime, siya ay matatanggap. Ang unang araw ng pagpasok sa gitnang paaralan ay magkakaiba kaugnay sa nakalaang kawani upang matupad ang hinahanap ng estado sa bilang ng mga kawani.

APLIKASIYON

Ang isang aplikasiyon ay maaaring gamitin para sa lahat ng anak buhat sa isang mag-anak na pumapasok sa paaralang nakalista sa sakop bilang #2 ng aplikasiyon. Kapag mayroon kayong anak na pumapasok sa higit na isang paaralan, dapat magbigay ng nakahiwalay na aplikasiyon. Ang aplikasiyon ay makukuha rin sa websayt www.sandi.net at saka sa paaralan. Ang aplikasiyon ay nakalaan din sa websayt sa iba't-ibang wika (Spanish, Somali, Vietnamese, Tagalog, at Cambodian).

PARAAN NG APLIKASIYON

Ang sakop bilang 1 hanggang 10 sa aplikasiyon ay dapat punan nang malinaw at tapusin at ipadala sa koryo sa PrimeTime Partner na nagkakaloob ng paglilingkod sa paaralan ng inyong (mga) anak. Lahat ng impormasiyong ibinigay sa aplikasiyon ay kukunan ng katibayan. Ang pagsisinungaling o ang paglaktaw sa hinihinging kaalaman ay magiging dahilan ng pagkawalan ng karapatang sumali sa paglilingkod ng PrimeTime. Ang mga aplikasiyong hindi tapos ay ibabalik sa mga magulang/tagapag-alaga at mapapawalang-halaga ang petsa; ang panibagong petsa ng pagkatanggap sa aplikasiyon ang gagamitin kapag ibinalik upang tapusin.

Ang pagbibigay ng aplikasiyon ay hindi katiyakang makakasali sa PrimeTime. Inaasahang ang pangangailangan sa paglilingkod ng PrimeTime ay lalabis sa bilang ng ibig makasali sa programa sa karamihang paaralang elementarya, kung kaya, mahalagang buuing tapusin at ibigay and aplikasiyon sa petsang palugit.

UNANG PALUGIT NG APLIKASIYON

Ika-9 ng MARSO – Ika-8 ng MAYO, 2009

Dapat ipadala ang mga aplikasiyon sa koryo sa PrimeTime Partner na nagkakaloob ng paglilingkod sa paaralan ng inyong (mga) anak, natatakan sa pagitan ng ika-9 ng Marso at ika-8 ng Mayo, 2009, upang makasali sa unang pagsusuri at pagpapalista. Ang mga aplikasiyon na ipinadala sa "fax", emayl, o dinala ay hindi isasali.

ANG MGA APLIKASIYONG IBINIGAY BAGO IKA-9 NG MARSO, 2009

Ang mga aplikasiyong natatakan bago ika-9 ng Marso, 2009, ay tatanggapin bilang natatakan ng ika-8 ng Mayo, 2009.

ANG MGA APLIKASIYONG IBINIGAY MAKALIPAS ANG IKA-8 NG MAYO, 2009

Ang mga aplikasiyong natatakan makalipas ng ika-8 ng Mayo, 2009, ay tatanggapin sa hanay ng pagkakatanggap, kung may lugar pang nakalaan, batay sa pangungunang nakalista sa susunod na pahina.

SISTEMANG PAGHAHANAY NG APLIKASIYON

Ang PrimeTime Partner na nagbibigay ng paglilingkod sa bawa't paaralan ay susuriin ang lahat ng aplikasiyong natatakan sa unang palugit ng pagbibigay ng aplikasiyon. Ang (mga) bata ay tatanggapin batay sa sistemang paghahanay ng aplikasiyong nakalahad sa ibaba, hanggang mapuno ang bawa't paaralan. Kapag napuno na ang bilang ng PrimeTime, ang mga batang hindi natanggap ay ihahanay sa listahan ng mga naghihintay, sa hanay ng pangunguna, at matatanggap kapag may lugar na nakalaan.

Ang mga magulang/tagapag-alaga ay maaaring pumili na ang kanilang (mga) anak ay papasok alinman sa bago at/o pagkatapos ng pag-aaral, kung karapatdapat. Ang pagpili ng bago lamang o pagkatapos lamang ng pag-aaral ay hindi makakasama sa hanay ng aplikasiyon.

Ang bawa't aplikasiyon ay ilalagay sa pangunguna na ginagamit ang sumusunod na sistema sa paghahanay:

(Mga) batang kasalukuyang kasali sa PrimeTime mula ika-2 ng Marso, 2009 O (Mga) batang nasa listahan ng naghihintay mula ika-2 ng Marso, 2009, o (mga) batang kasalukuyang kasali sa isang SDUSD's Child Development Center sa paaralang taong 2008-2009.	2 puntos O 1 puntos
(Mga) batang isinangguni sa tulong na pag-aaral ng Distrito, batay sa Tarhetang Ulat ng Mga Pamantayan para sa antas elementarya at Pagsusuring Benchmark para sa gitnang antas.	1 puntos
Nag-iisang magulang na nagtataguyod sa pamilya, kabilang ang mga pamilyang may isang magulang/ tagapag-alagang kasalukuyang nakalayag sa hukbong dagat (kopya ng ulat ng pag-uutos ay kailangan).	1 puntos
Lahat ng mga magulang/tagapag-alaga/umampong magulang na namumuhay kasama ang (mga) anak at pumapasok maghapon sa trabaho (40 oras sa isang linggo) o buong araw na pumapasok sa paaralang mag-aaral (pumapasok na may 12 unit).	1 puntos
Pasibleng Kabuuang Puntos	5 puntos

LISTAHAN SA PANGUNGUNA

Ang mangunguna sa pagsali ay ibibigay sa aplikasiyong nahanay sa 5 puntos at ang mahuhuli ay ibibigay sa aplikasiyong may 0 puntos. Kapag dalawang aplikasiyon ay magkaparehong puntos, ang pagpili sa pagtanggap ay batay sa nakatatak na petsa ng pagkatanggap sa aplikasiyon.

PAGBIBIGAY-ALAM SA KALAGAYAN NG APLIKASIYON

Ang mga magulang/tagapag-alagang nakabuo at nagbigay ng aplikasiyon sa loob ng unang palugit ng pagbibigay ay sasabihan sa kalagayan ng kanilang aplikasiyon na hindi lalampas sa ika-2 ng Hulyo, 2009. Ipaaalam dito sa pamilya kung ang kanilang (mga) anak ay natanggap na sumali, inihanay sa listahan ng naghihintay, o hindi karapatdapat sa programang bago at/o pagkatapos ng pag-aaral para sa taong PrimeTime 2009-2010.

MGA NATANGGAP NA MAG-AARAL

Kapag nasabihang natanggap, ang *2009-2010 PrimeTime Student Participation Forms* ay kailangang tapusin bago makapagsimulang sumali ang inyong (mga) anak sa programa. Ang mga mag-aaral na nagbigay ng hindi tapos na *2009-2010 Student Participation Forms* ay maaaring hindi makasali sa PrimeTime. Ang PrimeTime Partner ang magbibigay ng impormasiyon tungkol sa *2009-2010 Student Participation Forms*.

PATAKARAN SA PAGPASOK

Sa kautusan ng California Education Code, ang mga mag-aaral ay inaasahang papasok sa programa araw-araw sa buong oras na iniaalok. Ang mga mag-aaral na hindi pumapasok tuwina ay maaaring matiwalag.

MUNGKAHI PARA SA MGA MAG-AARAL SA KINDERGARTEN

Dahil sa limitado ang pondo at ang bilang ng kawani sa mag-aaral, labis na iminumungkahing ang mga batang nasa kindergarten na pumasok sa lisensiyadong tagapangalaga, sa halip na sa PrimeTime. Maaaring mabigyang lugar ang mga mag-aaral na mayroong nakatatandang kapatid na kasali sa PrimeTime sa kaparehong paaralan.

Sa karagdagang kaalaman tungkol sa PrimeTime sa paaralan ng inyong (mga) anak, tawagan ang PrimeTime Partner na nagbibigay ng paglilingkod; ang telepono ay matatagpuan sa websayt ng Distrito. Sa mga katanungan sa nangangasiwa ng programa, tawagan ang ELO sa (858) 627-7562.